

Tingnan

Mga aralin

- 1. Itinuturo ng Bibliya ang lahat ng kailangan nating malaman para magawa natin ang lahat ng nais ng Diyos na gawin natin.**
- 2. Sinusunod natin ang Tipan ni Kristo at hindi nagdaragdag ng mga batas mula sa Lumang Tipan.**
- 3. Ang tunay na pagsunod ay ang paggawa ng eksakto sa sinasabi ng Diyos nang walang binabago sa kanyang salita.**

Aralin 4 - Ang Kaharian ng Diyos ay ang Iglesia

Isaias 2:2-3

2 At mangyayari sa mga huling araw, na ang bundok ng bahay ng Panginoon ay matatatag bilang pinakamataas sa mga bundok, at itataas sa ibabaw ng mga burol; at lahat ng bansa ay pupunta roon. 3 Maraming tao ang darating at magsasabi: "Halina kayo, at tayo'y umahon sa bundok ng Panginoon, sa bahay ng Diyos ni Jacob; upang turuan niya tayo ng kanyang mga daan, at tayo'y lumakad sa kanyang mga landas." Sapagkat mula sa Zion ay lalabas ang tagubilin, at ang salita ng Panginoon mula sa Jerusalem.

1. Kailan ito mangyayari?
 - A. Sa simula
 - B. Sa mga huling araw
2. Kaninong bahay ang itatatag sa bundok?
 - A. Sa Panginoon
 - B. Kay Isaiiah
3. Saan manggagaling ang batas?
 - A. Zion
 - B. Judah
4. Saan magmumula ang salita ng Panginoon?
 - A. Jericho
 - B. Jerusalem



Ang JERUSALEM ay isang lungsod sa MOUNT ZION.

Ang bahay ng Panginoon ay itatatag sa mga huling araw. Ang salita ng Diyos, ang batas ay magmumula sa Jerusalem at Zion.

1. B 2. A 3. A 4. B

Daniel 2:28, 44

28 Ngunit may isang Diyos sa langit na naghahayag ng mga hiwaga, at kanyang ipinaalam sa Haring Nebukadnezar kung ano ang mangyayari sa mga huling araw. Ang iyong panaginip at pangitain habang ikaw ay nakahiga sa higaan ay ang mga ito:

44 At sa mga araw ng mga haring iyon ang Diyos sa langit ay magtatatag ng isang kaharian na hindi magigiba kailanman, o ang kapangyarihan man nito'y iiwan sa ibang bayan. Dudurugin nito at wawakasan ang lahat ng mga kahariang iyon, at ito'y mananatili magpakailanman.

5. Ipinaalam ng Diyos sa Hari kung ano ang mangyayari at kung kailan?
 - A. Sa panahon ng buhay ni Nebuchadnezzar
 - B. Mga Huling Araw
6. Mawawasak ba ang kahariang iyon?
 - A. Oo
 - B. Hindi
7. Hanggang kailan tatayo ang kahariang ito?
 - A. Magpakailanman
 - B. Hanggang sa namatay ang hari

Si Isaias at Daniel ay nagpropesiya tungkol sa mga Huling Araw. Sinabi ni Isaias na ang bahay ng Panginoon ay itatayo sa huling araw, at sinabi naman ni Daniel, na magtatayo ang Dios ng isang Kaharian na mananatili magpakailanman.

5. B 6. B 7. A


Sa Daniel 2:28-44, inilalarawan ni Daniel ang panaginip ni Haring Nebuchadnezzar at ang interpretasyon.

1st Babylonia

2nd Persian

3rd Griyego

4th Romano



Pinakikita ng kasaysayan na ang mga **Babylonia** ay nasakop ng mga **Persian** at **nag Persia** ay nasakop ng mga **Griyego** at ang Griyego naman na nasakop ng mga **Romano**.

Marcos 9:1

Sinabi niya sa kanila, “Katotohanang sinasabi ko sa inyo, may ilan sa nakatayo rito na hindi makakatikim ng kamatayan, hanggang sa makita nila ang kaharian ng Diyos na dumarating na may kapangyarihan.”

8. Sinabi ni Jesus na ang ilan sa kanila ay hindi mamamatay hanggang sa ano?
 - A. Dumating ang kaharian ng Diyos
 - B. Ang mga Romano ay natalo

9. Ang kaharian ay darating kasama ng ano?
 - A. Isang parada
 - B. kapangyarihan

8. A 9. B



Habang si Kristo ay nangangaral sa lupa, sinabi Niya sa mga tao na ang ilan sa kanila ay mabubuhay pa kapag ang Kaharian ng Diyos ay dumating na may kapangyarihan. Yamang alam natin na laging nagsasabi ng katotohanan si Jesus, alam din natin na dumating ang Kaharian noong unang siglo habang nabubuhay pa ang ilan sa mga taong iyon.

Colosas 1:13

Iniligtas niya tayo sa kapangyarihan ng kadiliman at inilipat tayo sa kaharian ng kanyang minamahal na Anak,

10. Mula saan sila inihatid?

- A. Kapangyarihan ng kadiliman
- B. Kaharian ni Kristo

11. Nalipat sila sa ano?

- A. Kapangyarihan ng Kadiliman
- B. Kaharian ni Kristo



Alam natin na ang propesiya ni Kristo ay nagkatotoo dahil upang ang mga taong ito ay mapasa kaharian ni Kristo, ang kaharian ay dapat na umiiral. Ang tanong ngayon ay kailan ito dumating?

10. A 11. B

Mga Gawa 1: 6-9

6 Nang sila'y nagkakatipon, siya'y kanilang tinanong, "Panginoon, ito ba ang panahon na panunumbalikin mo ang kaharian sa Israel?" 7 At sinabi niya sa kanila, "Hindi ukol sa inyo na malaman ang mga oras o ang mga panahon na itinakda ng Ama sa pamamagitan ng kanyang sariling awtoridad. 8 Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa." 9 Pagkasabi niya ng mga bagay na ito, habang sila'y nakatingin, dinala siya sa itaas at siya'y ikinubli ng ulap sa kanilang mga paningin.

12. Tinanong ng mga apostol kung ano ang ipanunumbalik ni Jesus?
 - A. Ang Hukbo
 - B. Ang Kaharian
13. Mula sa tanong ng mga apostol, dumating ba ang kaharian noong panahong iyon?
 - A. Oo
 - B. Hindi
14. Umakyat ba si Jesus sa langit bago dumating ang kaharian?
 - A. Oo
 - B. Hindi



40 araw matapos Siya ay bumangon mula sa mga patay, si Jesus ay umakyat sa langit. Hindi pa dumarating ang Kaharian ng Diyos.

12. B 13. B 14. A

Mga Gawa 2:5-6a; 16-17a; 30-33;

5 Noon ay may mga naninirahan sa Jerusalem na mga relihiyosong Judio, buhat sa bawat bansa sa ilalim ng langit. 6 Dahil sa ugong na ito ay nagkatipon ang maraming

16 Ngunit ito ay yaong ipinahayag sa pamamagitan ni propeta Joel: 17 'At sa mga huling araw, sabi ng Diyos, mula sa aking Espiritu ay magbubuhos ako

30 Yamang siya'y isang propeta at nalalaman niyang nangako ang Diyos sa kanya na ang isa sa kanyang mga inapo ay iluluklok niya sa kanyang trono. 31 Yamang nakita niya ito bago pa mangyari, nagsalita si David tungkol sa muling pagkabuhay ng Cristo: 'Hindi siya pinabayaan sa Hades, ni ang kanya mang katawan ay nakakita ng kabulukan.' 32 Ang Jesus na ito'y muling binuhay ng Diyos, at tungkol dito'y mga saksi kaming lahat. 33 Kaya't yamang pinarangalan sa kanang kamay ng Diyos, at tinanggap mula sa Ama ang pangako ng Espiritu Santo, ibinuhos niya ito na pawang nakikita at naririnig ninyo.

15. Saang lungsod sila naroon?

- A. Jericho
- B. Jerusalem

16. Tinukoy ni Joel kung anong mga araw ito?


- A. Mga huling araw
- B. Magagandang araw

17. vs 30 Si Kristo ay nakaupo sa?

- A. Kanyang trono
- B. Isang bato

18. vs 33 Nasaan na si Kristo?

- A. Sa langit
- B. Sa lupa



15. B 16. A 17. A 18. A

Sa Acts 2, kinikilala nito ang oras na ito bilang simula ng mga Huling Araw nang sabihin ng Diyos na Kanyang itatayo ang Kanyang kaharian, at si Kristo na siyang hari ay nakaupo na ngayon sa kanang kamay ng Diyos sa Kanyang trono na nagpapahiwatig na Siya ay naghahari na Kanyang kaharian - Ang Iglesia na itinatag niya sa Jerusalem.

Mga Gawa 2:36-38, 41, 47

36 Kaya't dapat malaman nang may katiyakan ng buong sambahayan ng Israel na ginawa siya ng Diyos na Panginoon at Cristo, itong si Jesus na inyong ipinako sa krus. 37 Nang marinig nila ito, nasaktan ang kanilang puso at sinabi kay Pedro at sa ibang mga apostol, "Mga ginoo, mga kapatid, anong dapat naming gawin?"

38 At sinabi sa kanila ni Pedro, "Magsisi kayo, at magpabautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang mapatawad ang inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo.

41 Kaya't ang mga tumanggap ng kanyang salita ay binautismuhan at nadagdag nang araw na iyon ang may tatlong libong kaluluwa.

47 na nagpupuri sa Diyos, at nagtatamo ng lugod sa lahat ng tao. At idinaragdag sa kanila ng Panginoon araw-araw ang mga naliligtas.

19. Ano ang tinanong nila?
 - A. Bakit mo ipinangangaral si Jesus?
 - B. Ano ang gagawin natin?
20. Ano ang sagot ni Pedro?
 - A. Magsisi at magpabautismo
 - B. Maniwala at manalangin
21. Ano ang ginawa ng mga taong ito?
 - A. Nakipagtalo
 - B. Nabautismuhan sila
22. Sa ano sila idinagdag?
 - A. Ang Iglesia
 - B. Ang mga Romano
23. Sino ang nagdagdag sa kanila?
 - A. Pedro
 - B. Panginoon
24. Umiiral na ba ang Iglesia mula nang idagdag ang mga taong nabautismuhan sa pangalan ni Jesus?
 - A. Oo
 - B. Hindi



19. B 20. A 21. B
22. A 23. B 24. A

Sa Acts 2, idinagdag ng Diyos ang mga naliligtas sa Iglesia. Ito ang unang lugar sa Bibliya na binanggit ang Iglesia. Dito nagsimula ang Iglesia, ngunit paano ang kaharian?

Ang Iglesia ay ang kaharian. Narito ang ilang paraan para malaman natin na totoo ito.

1 Timoteo 3:15

ngunit kung ako'y maantala, ay maaari mong malaman kung ano ang dapat ugaliin ng bawat tao sa bahay ng Diyos, na siyang iglesia ng Diyos na buháy, ang haligi at suhay ng katotohanan.

Mateo 16:18-19

18 At sinasabi ko naman sa iyo, na ikaw ay Pedro, at sa ibabaw ng batong ito ay itatayo ko ang aking iglesia; at ang mga pintuan ng Hades ay hindi magwawagi laban sa kanya. 19 Ibibigay ko sa iyo ang mga susi ng kaharian ng langit, at anumang iyong talian sa lupa ay tatalian sa langit; at anumang iyong kalagan sa lupa ay kakalagan sa langit.

Ang Iglesia ay tahanan ng Diyos. Sinabi ng Diyos sa Isaias na itatayo Niya ang Kanyang bahay sa mga huling araw, at sa Daniel sinabi Niya na itatayo Niya ang Kanyang kaharian sa parehong panahon at oras.

25. Sino ang nagsasalita sa Matthew passage?
A. Jesus
B. Pablo
26. Sino ang magtatayo ng Kanyang Iglesia?
A. Jesus
B. Pedro
27. Ano ang ibibigay ni Jesus kay Pedro?
A. Mga susi sa kaharian
B. Isang trono



25. A 26. A 27. A

Sinabi ni Jesus na itatayo Niya ang Kanyang Iglesia, at ibibigay din niya ang mga susi ng kaharian kay Pedro.

Gumagamit tayo ng mga susi upang makapasok sa mga lugar na gusto nating pasukan. Sa Acts 2, si Pedro ang magsasabi sa mga tao kung paano makapasok sa Iglesia. Ito ay isang paraan upang makita natin na ang Iglesia at ang kaharian ay magkasingtulad. Ibig sabihin nito, ang Iglesia na itinatag ni Kristo at ang Kaharian ng Dios ay iisa.

Ito ay ilan pang halimbawa ng pag-uugnay sa simbahan bilang kaharian.



Mateo 25:1

Sinabi sa kanya ng panginoon niya, 'Magaling! Mabuti at tapat na alipin. Naging tapat ka sa kaunting bagay, pamamahalaing kita sa maraming bagay. Pumasok ka sa kagalakan ng iyong panginoon.'

Sa paglalarawan ng kaharian, si Kristo ay inihambing sa isang lalaking ikakasal at ang Iglesia ay tinutukoy bilang ang nobya ni Kristo.

2 Mga Taga Corinto 11:2

Ako'y nakakaramdam sa inyo ng maka-Diyos na panibugho, sapagkat kayo'y itinakda kong mapangasawa ng isang lalaki, na kayo'y maiharap ko kay Cristo bilang isang malinis na birhen.

Juan 3:5

Sumagot si Jesus, "Katotohanang sinasabi ko sa iyo, malibang ang isang tao'y ipanganak ng tubig at ng Espiritu, hindi siya makapasok sa kaharian ng Diyos.

Ang bautismo ay pagkasilang na muli ito ang paraan upang makapasok sa kaharian ng Dios at upang maidagdag ka ng Panginoon sa kanyang Iglesia na itinatag niya simula sa Jerusalem at lahat ng dako ng mundo.



Mga Gawa 2:41, 47

41 Kaya't ang mga tumanggap ng kanyang salita ay binautismuhan at nadagdag nang araw na iyon ang may tatlong libong kaluluwa.

47 na nagpupuri sa Diyos, at nagtatamo ng lugod sa lahat ng tao. At idinaragdag sa kanila ng Panginoon araw-araw ang mga naliligtas.

Nangako ang Diyos ng isang kaharian na mananatili magpakailanman. Ang mga propesiyang iyon ay natupad sa Jerusalem noong taon ding namatay si Jesus nang magsimula ang Iglesia. Ang kaharian ng Diyos ay ang Iglesia itinayo ni Jesus.

Mga Propesiya ng Simbahan na Nakaugnaysa Kanilang Katuparan

Mga Propesiya:

Isaiah 2:2-3 Mga Huling Araw Bahay ng Panginoon - Bahay ng Diyos Jerusalem, Bundok Sion	Joel 2:28-32 Mga Huling Araw Ibuhos ang Aking Espiritu Jerusalem, Bundok Sion	Daniel 2:28-33, 36-40, 44 Mga Huling Araw - mga Romano Establish a Kingdom Jerusalem, Bundok Sion	Mark 9:1 Kaharian sa kanilang buhay.	Matthew 16:18-19 Itayo ang Aking Simbahan Pedro - mga susi sa Kaharian Simbahan = Kaharian
---	--	--	--	--

Natupad ang mga Propesiya:

Mga Gawa 2:2-4 2 Biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno nito ang buong bahay kung saan sila'y nakaupo. 3 Sa kanila'y may nagpakitang parang mga dilang apoy na nahahati at lumapag sa bawat isa sa kanila. 4 Silang lahat ay **NAPUSPOS NG BANAL NA ESPIRITU SANTO**, at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu..

Mga Gawa 2:16-17a 16 Ngunit ito ay yaong ipinahayag sa pamamagitan ni propeta Joel: 17 'At sa **MGA HULING ARAW**, sabi ng Diyos, **MULA SAAKING ESPIRITU AYMAGBUBUHOS AKO ...**

Mga Gawa 2:14 Ngunit si Pedro, na nakatayong kasama ng labing-isa, ay nagtaas ng kanyang tinig, at nagpahayag sa kanila, "Kayong mga kalalakihan ng Judea at kayong lahat na naninirahan sa **JERUSALEM** malaman sana ninyo ito, at makinig kayo sa aking sasabihin....

Mga Gawa 2:38, 41, 47 At sinabi sa kanila ni **PEDRO**, "Magsisi kayo, at magpabautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Jesu-Cristo upang mapatawad ang inyong mga kasalanan; ...

41 Kaya't ang mga tumanggap ng kanyang salita ay binautismuhan at nadagdag nang araw na iyon ang may tatlong libong kaluluwa.

47 na nagpupuri sa Diyos, at nagtatamo ng lugod sa lahat ng tao. At **IDAGDAGDAG SA KANILA NG PANGINOON** araw-araw ang mga naliligtas.

(Sinabi ni Pedro sa mga tao kung ano ang kailangan nilang gawin para maidagdag sa kaharian, ang Simbahan ng Panginoon.)

Nangako ang Diyos ng isang Kaharian na darating sa panahon ng mga Romano na mananatili magpakailanman. Nangyari ito gaya ng sinabi Niya.

Ang iglesya na itinayo ni Kristo na siyang Kaharian ng Diyos ay nagsimula sa Jerusalem, 50 araw pagkatapos mabuhay na mag-uli si Kristo (33AD).

Ang Kaharian na iyon, ang Iglesia na kay Kristo, ay naririto ngayon.

Nangako ang Diyos ng isang kaharian na mananatili magpakailanman. Ang mga propesiyang iyon ay natupad sa Jerusalem noong taon ding namatay si Jesus nang magsimula ang Iglesia. Ang kaharian ng Diyos ay ang simbahang itinayo ni Jesus.